
BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



Ang pinakamatandang monumento ni Gat Jose Rizal ay matatagpuan sa Daet, Camarines Norte. (Circa 1898)

Halina sa Camarines Norte!!!
Basahin sa pahina 10

# Mga Koponan ng LGU CNorte at Labo, patas sa championship sa 2009 Gov. Typoco's Invitational Basketball Tournament




Tinanghal na *double champion* ang koponan ng *LGU* Camarines Norte at Labo sa pagtatapos kamakailan ng *2009 Governor Typoco's Invitational Basketball Tournament.* Bunsod ito ng naging mahigpit nilang labanan sa *championship game* na isinagawa kamakailan sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)* kung saan pareho silang nakakuha ng 81 puntos sa pagtatapos ng laro. Pinaghatian nila ang premyong P125,000.00 para sa kampeon, at P50,000.00 para sa *1st runner-up* kaya tumanggap sila ng tig-P87,500.00.

Samantala, sa simula pa lang ng laro ay nasaksihan na ng napakaraming tao mula sa iba't-ibang bayan ng Camarines Norte at karatig-probinsya ang walang humpay na pagpapalitan ng puntos ng magkatunggaling koponan. Kapag pumuntos ang isa, siguradong pupuntos din ang kabilang koponan na tila walang gustong magpatalo. Walang itulak-kabigin sa husay at galing ng dalawang koponan na determinadong maiuwi ang kampeonato.

Dahil dito, bilang *organizer* ng torneyo ay nagdesisyon si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na ideklarang *double champion* ang *LGU* Camarines Norte at Labo sa layuning mapanatili ang magandang relasyon nito sa LGU Labo. Ngunit ito ay nagbunga ng iba't-ibang puna at kontrobersiya.

Binigyang-linaw naman ni *Provincial Sports Coordinator* Jose V. Reniva na ang desisyon ng gobernador ay tama at naaayon sa itinatakda ng *Section IX* ng *Basketball Association of the Philippines (BAP)-International Basketball Federation (FIBA)* na nagsasabing ang nag-organisa ng palaro *(organizer)* ay may karapatan na gumawa ng desisyong *i-modify* o *i-amend* ang anumang partikular na regulasyon/ patakaran na makabubuti para maging matagumpay ang torneyo.

Bilang karagdagan, naiuwi naman ng lalawigan ng Sorsogon ang gantimpalang P25,000.00 bilang *2nd runner-up* sa naturang torneyo. Ang naturang koponan ay pinangunahan ni Bobbit Lee, anak ni Sorsogon *Governor* Sally Lee.

Ang iba pang koponan na lumahok sa palaro at ang kanilang *team manager* ay ang mga sumusunod: Camarines Sur-Governor Luis

(Sundan sa pahina 9)

## nasa loob

EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob HELP column p 2

# 2,101 kabataan tumanggap ng educational assistance mula sa ABK2 Initiative

Nagkaloob ng *educational assistance* sa may 2,101 kabataan mula sa mga bayan ng Labo at Jose Panganiban ang proyektong Pag-**A**aral ng **B**ata para sa **K**inabukasan (*ABK2) Initiative* na ipinatutupad ng *World Vision Development Foundation*. Ang nasabing *educational assistance* ay kinapapalooban ng *school supplies* at uniporme.

Ito ay isinagawa ngayong buwan ng Hulyo sa magkahiwalay na petsa sa pakikipagtulungan ng *Local Government Units* ng mga barangay kung saan may direktang pagkilos ang proyekto. Ang nasabing proyekto ay ipinatutupad sa tulong ng *US Department of Labor (USDOL)* sa ilalim ng *Cooperative Agreement No. IL-16570-07-75-K*.

Matatandaan na pangunahing layunin ng programang *ABK2 Initiative* na maialis sa maagang paggawa ang mga batang kumpirmadong nasa sektor ng maagang paggawa *(child labor)*. Kabilang din dito ang pagsusulong sa edukasyon ng mga kabataan sa mga komunidad kung saan may problema ng *child labor*. Layunin din ng proyekto na mabigyan ng kaalaman ang mga komunidad, lokal na lider at mga magulang ng mga kabataan hinggil sa masasamang epekto ng maagang paggawa sa mga kabataan.

Ayon sa isinagawang *survey* ng *World Vision*, 528 sa mga kabataang benepisaryo ng *ABK2 Initiative* ay kumpirmadong mga *child laborers*. Karamihan sa mga kabataang ito ay nasa sektor ng pagmimina, pagbabasura, pangingisda, kasambahay, at ang ilan ay nasa sektor ng pagkokopra. Ang nasabing *survey* ay naisagawa sa pakikipagtulungan ng mga organisadong *community watch groups*, *teachers* at kinauukulang Sangguniang Barangay.

Sa ngayon, patuloy pa ring isinasagawa ang pag-oorganisa sa samahan ng mga magulang, mga kabataan at iba pang sektor na maaaring makatulong upang matugunan ang isyu ng *child labor*, ganun din ang mga kaukulang paghahanda upang matiyak na ang mga kabataang ito ay hindi na muling bumalik sa pagiging *child laborers*. ***LIZA VARGAS-EYO***







***1. Si PB Romeo Prima sa kanyang opening remarks sa isinagawang distribusyon ng mga school supplies sa Luklukan Norte, Jose Panganiban. 2. Si Ms. Dina Garino ng Jose Panganiban National High School sa isinagawang Teachers' Training for Social Development na nagbigay ng kanyang opinyon ukol sa kanilang school initiatives para sa kampanya na mapataas ang educational performance ng mga enrollees. Ito ay ginanap sa Villa Mila Hotel, Daet, Camarines Norte.***

## Salamat Gob HELP column

**Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| July | 8 | Jesusa Brutas of Brgy. Plaridel, Jose Panganiban for the Search for Ms. Plaridel 2009 ( Josie P. Caparonga) | P500.00 |
| | 9 | Atty. Archim Yanto for the Provincial Anniversary of the Couples for Christ | 3,000.00 |
| | 15 | Marissa Estabaya of Brgy. Talusan, Paracale for the Pastoral Council | 1,000.00 |
| | 16 | Christian delos Santos of CNSC for their SSC and CSC Election (SAMASA) | 2,000.00 |
| | 27 | Emman Bauca of Brgy. Lugui, Labo for a basketball tournament | 500.00 |
| | 27 | Sonia Curitana of Brgy. Nutrition Scholar Organization of J. Panganiban as prize for their "Pa-Raffle" activity in connection with the Nutrition Month Celebration | 1,000.00 |
| | | Ariel Almoneda of Brgy. Gumamela, Labo for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Genelyn Lo of CNSC (BS Entrepreneurship 4-A) for their business trip | 3,600.00 |
| | 31 | Rebecca Macha of Batch 84, CNNHS for their Silver Anniversary Souvenir Program | 3,000.00 |
| | | **TOTAL** | **P15,100.00** |

# Batas na nagbabawal sa trapiking o pagbebenta ng human organs ng mga Pilipino ipatutupad na



**DOJ Sec. Agnes Devanadera**
*IACAT Chairperson*

Anim (6) na taon pagkatapos na maaprobahan ang batas laban sa *human trafficking*, na sinundan kamakailan ng pagsasapinal ng *Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT)* sa *implementing rules and regulations (IRR)* sa *human organ trafficking*, maipatutupad na rin ito sa Pilipinas.

Ang pagbabawal sa pagkalap ng mga tao sa layuning alisin ó ibenta ang bahagi ng katawan *(organ)* ay nakapaloob sa *Section 3 (a)* ng *Republic Act (RA) No. 9208* na mas kilala bilang |*Anti-Trafficking in Persons Act of 2003*. Ang nabanggit na IRR sa *organ trafficking* ay nagkabisa noong Hunyo 21, 2009.

Ito ang ibinalita kamakailan ni *IACAT Chairperson* at *Department of Justice (DOJ) Secretary* Agnes Devanadera sa pamamagitan ni *DOJ Undersecretary* Ricardo Blancaflor sa harap ng kanyang panawagan sa lahat ng sektor na maging mapagbantay sa pagpapatupad ng nasabing batas.

Sinabi naman ni *USec.* Blancaflor na sa implementasyon ng *IRR*, ang tungkulin at kapangyarihan ng pamahalaan para kasuhan ang mga mapanlinlang na tagapamagitan *(unscrupulous middlemen)* at iba pang indibidwal na nagsasamantala sa mga mahihirap ay mas may ngipin na ngayon.

Samantala, hinikayat naman ni *Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary* Esperanza Cabral ang publiko na subaybayan ang implementasyon nito at tiyakin na ang mga lumabag sa batas ay maparusahan. Ang *DSWD* ay katulong na tagapamuno ng *IACAT* kasama ang *DOJ*. Inaprobahan ng mga kalihim ng *DSWD*, *DOJ* at *Department of Health (DOH)* ang *IRR* na ginawa ng *technical working group (TWG)* matapos ang maraming konsultasyon sa mga interesado/sangkot na partido. Ang mga miyembro ng *TWG* ay ang mga sumusunod: *DOJ, DOH, DSWD, Philippine Society of Nephrologists (PSN), National Kidney and Transplant Institute (NKTI), Philippine Society of Transplant Surgeons (PSTS), Philippine Urological Association (PUA), National Transplant Ethics Committee (NTEC)* at *Kidney Foundation of the Philippines (KFP)*. Ang nasabing *IRR* ay walang pagtutol na inaprobahan ng iba pang miyembro ng *IACAT*.

Sa ilalim ng batas, mapapatawan ng hanggang 20 taong pagkakabilanggo at pagbabayad ng multang hindi bababa sa P1 milyon nguni't hindi lalagpas sa P2 milyon ang sinumang mapatunayang sangkot ó lumabag dito.

Binigyang-diin din ni DSWD Sec. Cabral na sa ilalim ng IRR ipinagbabawal ang pagbili ó pagbenta ng *human organs* ngunit ipinaliwanag niya na ang paglilipat ó *transplantation* ng human organs *"for therapeutic purposes"* ay hindi nito pinipigilan.

Sa ilalim ng IRR, sinumang indibidwal na may edad 18 taon pataas, nasa wastong kaisipan, at nauunawaan ang "tungkol sa" at konsekwensya ó kahahantungan ng pagtatanggal at paglilipat ng organ/s mula sa kanyang katawan, ay maaaring mag-*donate.* Ito ay sa pamamagitan ng isang liham ng pagsang-ayon *(written consent)* sa pag-alis ng partikular na parte ng katawan *(organ)* para ilipat ito sa ibang buhay na tao. Ang donasyon ay kailangang gawin ng sinumang *donor* na walang anumang kapalit o' *valuable consideration* mula sa tatanggap ng *organ*. Ngunit, ang mga makatwirang gastusin kaugnay sa *organ donation* katulad ng bayarin sa gamot at ospital, *life* at *medical insurance*, nawalang sweldo ng *donor*, pamasahe at gastusin sa bahay at pinahi-

(Sundan sa pahina 6)

# Linis-Lusog KIDS Project inilunsad

## *matataas na opisyal ng GMAKF, UNICEF, DepEd dumalo*

Isinagawa kamakailan ang demonstrasyon sa sabay-sabay na paghuhugas ng mga kamay at pagsisipilyo ng ngipin ng mga mag-aaral sa Menandro Guinto *Elementary School (MGES)* sa bayan ng Vinzons bilang bahagi ng paglulunsad ng *Linis-Lusog KIDS (LLK) Project* dito sa Camarines Norte. Ang naturang proyekto ay ipinatutupad din sa ilang bahagi ng bansa ng *Department of Education (DepEd), GMA Kapuso Foundation* at *United Nations Children's Fund (UNICEF)* sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang pamahalaang lokal.

Bago ang naturang demonstrasyon, nagkaroon muna ng angkop na programa at *turn-over ceremony* na dinaluhan ng mga matataas na opisyal ng *DepEd*, *GMAKF*, *UNICEF* at mga pamahalaang lokal dito.

Sa bahagi ng *welcome remarks* ni Mayor Oliver R. Ferrer ng Vinzons, ipinahayag nito na ang kanyang tanggapan ay nagbigay ng tulong sa MGES kahit na wala silang nakalaang badyet para rito.

Ang mensahe naman ni *DepEd Undersecretary* Vilma L. Labrador ay ipinaabot ng kanyang kinatawan na si *DepEd Regional Director* Celedonio L. Layon, Jr. Binigyang-diin nito na ang problemang pangkalusugan ang pangunahing sanhi ng mahinang pagganap *(performance)* ng mga estudyante sa klase. Madalas silang lumiban sa klase dahil sa pagkakasakit na karaniwan ay pagtatae *(diarrhea)* na dala ng maruming kapaligiran at maling paghahanda ng pagkain. Ayon sa pag-aaral, ang pagliban ng mga mag-aaral sa paaralan ay sanhi ng kanilang pagkakasakit kung saan 67% nito ay dahil sa pagkakaroon ng bulate sa katawan *(internal worms)*; at 97% ay sanhi ng pagkasira ng ngipin *(tooth decay)*.

Dahil dito, naaapektuhan ang kanilang *physical* at *mental performance* gayundin ang kanilang pang-araw-

(Sundan sa pahina 8)




*Ang mga kabataang mag-aaral sa Menandro Guinto Elementary School sa Vinzons, Camarines Norte na nakibahagi sa isinagawang paglulunsad ng Linis-Lusog KIDS Project na itinataguyod ng Department of Education, GMA Kapuso Foundation at United Nations Children Fund ó UNICEF na layuning maipaalam ang kahalagahan ng kalinisan sa mga kabataang mag-aaral.*




# EDITORYAL

## BAKIT ANG MGA TAO'Y SAKITIN?

**Madalas nating marinig ang sinasabing *pandemic* na sakit na ngayon lang naglilitawan, natutuklasan at binibigyan ng samu't saring katawagan tulad ng *"avian flu"*, *"ebola virus"*, *swine flu*, atbp. na kumikitil sa maraming buhay at mabilis kumalat sa buong daigdig. Ang mga sakit daw ay dulot ng: (1) *super-hygiene*, (2) *environment, (3) sedentary lifestyles* ó kakulangan ng aktibidad ng katawan, at (4) kawalan ng bulate sa tiyan. Teorya raw ito ng mga syentipiko, ayon kay Charles Q. Choi, isang manunulat ng *Scientific American Magazine*.**

**Siguro'y may basehan at maaaring pagtalunan, sapagka't ito'y taliwas sa kasalukuyang paniniwala, ipinalalaganap na kaalaman, at nakakagawian na. Mapapansing ilan sa mga nagsulputang sakit ngayon ay dulot ng kumbinasyon ng kapaligiran at *lifestyle*. Marami ang kulang sa pisikal na aktibidad at malimit na nakaupo, dagdag pa ang mga *fast foods* na sanhi ng *obesity, diabetes, cancer, UTI* at iba pa.**

**Tunay na ang katawan ay may sariling *immune system.* Ang anumang impeksyon ay linalabanan nito sa pamamagitan ng *antigen* ó sangkap sa katawan na nagpapasigla sa paggawa ng mga *anti-bodies* nito. Subali't dahil sa paggamot sa sarili na hindi kumukunsulta sa doktor, kahit konting lagnat ay kaagad na ginagamot ng mga *antibiotics* ó *antipyretics* na sumusupil man dito ay pinapalitan naman ang trabaho ng mga *antigens* na sanhi ng paghina ó pagiging *dorman*t ng *immune system*. Tulad ng konting bulate sa gast*ro-intestinal tracts* ó sa tiyan na kaagad binibigyan ng pamulate, samantalang kailangan ito ng katawan bilang pinakamabisang pangkontrol sa *immune reactions*. Kaya't sinasabi na ang labis na pamulate ay nakapagpapataas ng *immunological diseases*.**

**Ang sobrang pagkamalinis ó *super-hygiene* ay hindi rin nakabubuti sa ating *immune system* sapagka't sanhi ito ng *immune disregulation*. Hindi naman sinasabing masama ang *sanitation* at hahayaan na lamang ang mga tao na maligo sa burak o pusali at magkaroon ng kontaminasyon. Nguni't ang nais na maipaunawa ay ano ba sa *hygiene* ang *healthy* at ano ang makasasama upang mabalanse at makuha ang mas makabubuti sa dalawa.**




**BATINGAW**
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN
PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism - Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

## Batas na nagbabawal...

*(Mula sa pahina 6)*

man ng bansa.

Ipagpapatuloy rin nito ang pagpapatatag ng mga pamamaraan at panuntunan sa pagpapatupad at pagsubaybay sa *national organ donation* at *transplantation program* kung saan hindi mapagsasamantalahan lalo na ang mga mahihirap. ***LT IBASCO***

# 2009 Search for outstanding child-friendly teacher/administrator/school (central and non-central) itataguyod ng pamahalaang panlalawigan at DepEd

Nagsimula na kamakailan ang pagtanggap ng aplikasyon para sa mga interesado at kwalipikadong sumali sa 2009 *Search For Outstanding Child-Friendly Teacher/ Administrator/School (Central and Non-Central).* Ang naturang patimpalak ay magkakatuwang na itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, *United Nations Children's Fund (UNICEF), Provincial School Board (PSB)* at *Department of Education (DepEd)* Camarines Norte.

Ang huling araw sa pagsumite ng mga *entries* sa *district level* ay sa Nobyembre 2, 2009 at ang ebalwasyon/ balidasyon ay sa Nobyembre 4-6, 2009; at para sa *division level*, Nobyembre 9-13, 2009 at Nob. 16-27, ayon sa pagkakasunod.

Layunin ng patimpalak na mabigyan ng kaukulang pagkilala ang mga katangi-tanging guro, *administrators*, at mga paaralang elementarya *(central* at *non-central)* sa pagsusulong at pangangalaga sa *survival, development, protection* at *participation rights* ng mga kabataan. Hangarin din nito na maitaas ang antas ng kamalayan ng mga guro ukol sa mga karapatan ng mga kabataan. Kabilang dito ang pagsubaybay at pagtaya sa implementasyon ng mga programa at serbisyong nakatuon sa mga kabataan.

Samantala, ang pamantayan na gagamitin sa pagpili ng mga mananalo para sa kategoryang *Outstanding Child-Friendly Teacher* ay ang kanilang *instructional competence* at epektibong pagtuturo *(teaching effectiveness), professional and community involvement* at *personal qualities and character.* Ang basehan naman sa pagpili ng mga *Outstanding Child-Friendly Administrator* ay ang kanilang *instructional leadership, school performance, school climate and culture, professional development, pupils/students service,* at *resource generation and utilization.*

Pipiliin naman ang *Outstanding Child-Friendly School (Central and Non-Central)* base sa mga programang isinasagawa ng paaralan tulad ng mga sumusunod: 1) Paghikayat sa partisipasyon ng mga kabataan sa mga gawain sa paaralan at komunidad; 2) Pagsusulong sa kalusugan at pangkalahatang kagalingan ng mga mag-aaral; 3) Paggarantiya sa ligtas at *protective spaces* para sa mga kabataan; 4) Paghikayat sa mga kabataan na pumasok sa paaralan at magtapos ng pag-aaral; 5) pagseguro sa *high academic achievement* at *success* ng mga kabataan; 6) Pagpapataas sa *morale* ng mga guro at pagbibigay sa kanila ng motibasyon para paghusayin ang kanilang pagtuturo, at; 7) Pagkilos para maka-

***(Sundan sa pahina 9)***

*Isinagawa ng PACT-Camarines Norte Chapter ang reorganisasyon ng Child Protection Network dito sa lalawigan sa pangunguna ni Gng. Purita P. Briñas, CAO IV/ Vice Chairperson ng PACT National Campaign Council noong Hulyo 7, 2009 sa Audio Visual Room ng Provincial Capitol. Sa nabanggit na reorganisasyon, muling nahalal si Gng. Briñas bilang Cluster Convenor. 1) Pinangunahan ni CC Briñas ang panunumpa sa mga bagong nahalal na opisyales ng Area 1-sa pangunguna ni PSWDO Lorna C. de Claro, Area 1 Convenor; Mrs. Teresita dela Cruz-Chairperson; Myrna Borjal—Vice Chair; Ms. Cynthia R. dela Cruz, Secretary, at; Ms. Ludz Romero, Treasurer 2. Group picture ng PACT-Camarines Norte Chapter. 3. Isa pang group picture ng PACT-Cams. Norte Chapter kasama ang Cluster Convenor. 4. Group picture ng Area 2 sa pangunguna ni Gng. Purita P. Briñas.*


1


2


3


4

# First Librarians' Conference sa CNorte isinagawa sa La Consolacion-Daet

Naisagawa ang *1st Librarians' Conference* sa Camarines Norte noong Hulyo 23, 2009 na ginanap sa La Consolacion-Daet sa pangunguna ni Gng. Norma A. Mago.

Dinaluhan ito ng 43 kinatawan mula sa mga pampubliko at pribadong paaralan sa kolehiyo, sekondarya at elementarya. Kasama rin sa mga dumalo ang mga kinatawan mula sa *Camarines Norte Provincial Library* at 3 pang *LGU libraries* tulad ng Paracale, Daet at Capalonga *libraries*.

Nagbuklod dito ang mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang aklatan sa lalawigan ng Camarines Norte upang higit na maiangat ang uri ng serbisyo-publiko para sa madlang mambabasa at makasabay sila sa mabilis na pagsulong ng panahon. Hindi maiikaila na maging ang mga aklatan ngayon ay gumagamit na rin ng *information technology*.

Sa ginanap na kumperensya, lumabas ang mga suliranin na matagal nang nararanasan ng maraming aklatan lalo na ang mga *school libraries*. Nabatid na karamihan sa mga itinalaga/itinatalagang *librarian* sa mga *school libraries* ay mga guro na may *regular teaching load units* at ang pagiging *librarian* nila ay dagdag-gawain na walang kaakibat na dagdag-kompensasyon. Sa ganitong kalagayan, mas pinipili ng *teacher/librarian* na bigyan ng higit na panahon at atensyon ang *teaching loads* nila kaysa sa mga gawain sa loob ng silid aklatan.

Dahil din sa kakulangan ng pondo, mas binibigyang-prayoridad ng mga pamunuan ng paaralan *(school management)* na mapunan ang kakulangan sa *school requirement* tulad ng mga silid-aralan kaysa sa silid-aklatan. Limitado ó malaki ang kakulangan sa mga *library materials* dahil sa kawalan ng sapat na pondo. Kabilang din sa mga problema ang kakulangan ng mga propesyonal ó nagtapos ng kursong *Library Science* kaya karaniwang nagtatalaga na lamang ng mga guro kahit limitado ang kaalaman sa angkop na pamamahala ng silid-aklatan.

Kaugnay nito, sa pagtatapos ng kumperensya ay tinukoy ang ilang posibleng solusyon sa mga nabanggit na problema base sa mga pahayag at panukala ng kapulungan.

Sa kasalukuyan, binabalangkas na ang *by-laws* ng grupo para maging lehitimo ang samahan ng mga *librarian*s sa lalawigan at maisulong ang mga programa para mas maging maayos ang mga pasilidad ng mga silid-aklatan dito sa Camarines Norte para sa kapakanan ng mga kabataang mambabasa.

Isinagawa rin ang eleksyon para sa mga opisyal ng Camarines Norte kung saan nalukluk si Norma A. Mago ng *La Consolacion College-Daet* bilang pangulo nito. Ang iba pang nahalal sa iba't-ibang tungkulin ay ang mga sumusunod: *external vice-president* - Fernando V. Era; *internal vice-president* - Emma L. Zamudio; *secretary*-Violeta A. Albao; *treasurer*- Elisa I. Macatangay; *auditor*-Rubic I. Echano; *P.I.O.*-Mariches E. Benigno; at *business managers*-Dario C. Dime at Aida M. Estrellado.

Naitalaga naman bilang kinatawan sa iba't-ibang bayan ng lalawigan ang mga sumusunod: Basud-Ma. Cristabel A. Saludes; Capalonga-Nelly M. Archivido; Daet- Ma. Shiela F. Mercado; Labo- Isabel A. Sanchez; Mercedes-Mercedes P. Mabeza; Jose Panganiban-Vilma C. Agra; Paracale- Riza Z. Malanyaon; San Lorenzo Ruiz- Glenda A. Abad; Sta. Elena- Agnes T. Sale; San Vicente-Merlyn M. Liwag; Talisay- Marites J. Lalio; at Vinzons- Aileen P. Bernal. ***Dario C. Dime***



***Ang mga nahalal na opisyal at mga kinatawan ng mga pampubliko at pribadong paaralan sa kolehiyo, sekondarya at elementary sa ginanap na First Librarians' Conference sa Camarines Norte na pinangunahan ng pangulo nito na si Mrs. Norma A. Mago ng La Consolacion College-Daet. Kasama rin dito si G. Dario C. Dime, ang kinatawan naman ng CNProvincial Library.***

# Batas na nagbabawal...

**(Sundan sa pahina 3)**

hintulutang singilin mula sa benepisaryo ng *organ,* ay pinapayagang maisauli.

Ang isang tao ay maaaring maging benepisaryo ng *organ* mula sa buháy na kamag-anak, ó hindi man kamag-anak na boluntaryong nagbibigay nito para sa kanyang paggaling. Sa kaso ng buhay na boluntaryong *donor* na hindi kamag-anak, dapat na maipakita ng benepisaryo na lahat na iba pang miyembro ng malalapit niyang kapamilya ay hindi kwalipikado bilang potensyal na tagapagbigay ng *organ*.

Isiniwalat din ni *DSWD Sec.* Cabral na ang mga dayuhan *(foreigners)* ay pinagbabawalang tumanggap ng *organ* mula sa buhay na Pilipinong *donor* na hindi nila kamag-anak. Sa pamamagitan nito, mapipigilan ang mga mayayamang dayuhan na pagsamantalahan/abusuhin ang mga mahihirap na Pilipino.

Ang pagsasamantala ng mga mayayamang dayuhan sa mga mahihirap na Pilipino ay malawakan bago pa ipinagbawal ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo noong isang taon, ang *organ transplantation* ng mga buhay na Pilipinong *donor* na hindi kamag-anak ang bibigyan.

Sa ilalim ng *IRR*, ang mga *hospital administrators* ay kailangang magsumite sa *DOH* ng buwanang ulat ukol sa isinagawa nilang *transplantation* para sa *monitoring* at *regulatory purposes* ng *DOH*. Ang hindi pagtalima rito ang magiging basehan para sa pagsasampa ng kaso administratibo, kabilang na ang kaso kriminal kung may ebidensyang makapagpapatunay nito.

Binigyang-diin din sa *IRR* na responsibilidad ng *DOH* na gumawa ng kumprehensibong programa para sa pangmatagalang pagsubaybay sa mga *donor* at para sa karagdagang pangangalaga sa mga *donors* na maaaring magkaroon ng anumang problemang medikal matapos ang *transplantation*. Tungkulin din nito na magsagawa ng mga aktibidad para maiangat ang kamalayan ng publiko ukol sa *organ donation* at *transplantation*, at *organ trafficking*, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga *medical practitioners*, pamilya at impormasyon sa pasyente at edukasyon nito, edukasyong-pampubliko at *advocacy campaign* sa pamamagitan ng *multi-media, internet* at iba pang *information technology*.

Pinuna rin ni *Sec.* Cabral ang katotohanan na ang mga nagbenta ng kanilang bato *(kidneys)* ay hindi kinakitaan ng pag-unlad ng kanilang kabuhayan mula sa pagbenta ng kanilang *organs* bagkus, nanatili silang mahirap tulad ng dati, at ngayo'y mahina ang katawan.

Matatandaan din na ipinahayag kamakailan ng *DOH* na kinukondena nito ang pagkuha ng mga bahagi ng katawan ng tao *(human organs)*, dito at sa labas

**(Sundan sa pahina 4)**

# Mga piling larawan



1


2


3


***1) Ang panunumpa sa tungkulin ng bagong miyembro ng Sangguniang Bayan ng Talisay na si Kag. Leticia Ibita na pinalitan ang kanyang anak na si Kag. Ernie Ibita na nagbitiw sa kanyang katungkulan, na pinangasiwaan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa tanggapan nito na sinaksihan naman nina Bokal Jeofrrey Pandi at Mayor Pol Gache ng Talisay; 2) Ang pamamahagi ng apat na wheel chairs ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa kanyang tanggapan, ayon na rin sa kahilingan nina: Lilia B. Hugo ng San Isidro, Daet para sa kanyang pamangkin; Myrna S. Zaldua ng Magallanes Ilaod, Daet para sa kanyang kapatid; Lydia Z. Rubante ng Urbano Street, Daet para sa kanyang anak, at; Yolanda Villanueva-para sa kanyang asawa; 3) Iniaabot ni G. Jose Rene Ruidera, DPA, pangulo ng Lions Club-District 301-A2 ang Plaque of Appreciation kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang pasasalamat sa pagsuporta sa mga programa ng Lions International dito sa lalawigan. Kasama nila rito sina Lions Oca Abay at Engr. Gerry Quiñones, Executive Assistant IV ; 4) Ang koponan ng bayan ng Labo kasama si Gob. Typoco, Jr. nang sila ay itanghal na co-champion ng koponan ng gobernador sa isinagawang 1st Governor's Cup Invitational Basketball Tournament; 5) Ang Mythical Team na tinanghal sa 1st Governor's Cup Invitational Basketball Tournament na sina Joey Mente, Header Zaldua, Patrick Cabahug, Allan Salansang at Ronnie Matias kasama sina Provincial Sports Coordinator Jose Reniva, Dr. Bong Palencia ng BAP-CN at Gob. Jesus O. Typoco, Jr.***

4


5


# Serbisyong pangkomunidad isinagawa ng CNGWMPC



Engr. Eden Borja, CNGWMPC Chair

Ang *Camarines Norte Government Workers Multi-Purpose Cooperative (CNGWMPC)* ay nagsagawa ng *community service* sa pamamagitan ng pagbibigay ng 100 piraso ng tsinelas sa mga *special children* ng *SPED Center, Daet Elementary School*.

Ang nasabing okasyon ay kaugnay sa ginanap na *31st National Disability Prevention and Rehabilitation Week* noong Hulyo 21, 2009 sa *Little Theater* ng Kapitolyo Probinsyal. Ang tema ng naturang selebrasyon ngayong taon ay *"Tungo sa Katuparan ng Karapatan ng PWDs."* Ito ay naisakatuparan sa pakikipag-ugnayan ng *CNGWPC sa Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*.

Matatandaan din na ang nasabing serbisyong pangkomunidad ay una nang hiniling ng *PSWDO* sa kooperatiba sa pamamagitan ng kawani nito na si Gng. Aileen P. Camacho. Ang kahilingan ay inaprubahan ng *CNGWMPC board* sa kanilang ginanap na pulong kung saan pinagtibay ito sa bisa ng Resolusyon Blg. 23, Serye 2009.

Samantala, dumalo sa naturang *gift-giving activity* si *CNGWMPC Chair* Eden Borja, *General Manager* Lorna Bernal at *Sec.* Melinda Jerez. Nagbigay naman ng libreng isnak ang *Jollibee Daet*. Isinama pa nila ang kanilang mga *mascots* na sina *Jollibee* at *Hetty* na ang presensiya ay ikinatuwa ng mga bata na mas nasiyahan nang sila ay magbigay rin ng pampasiglang bilang.

Ang ilan pang *community services* na isinagawa ng *CNGWMPC* ay ang pagbibigay ng tulong-pinansyal na maagang pamaskong handog sa mga *jail inmates* sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* at sa kanilang ginanap na *provincial sportsfest* sa nakaraang *correctional month*.

Bilang karagdagan, nabigyan din ng tulong-pinansyal ang mga *abused children and women* ng *Half-way Home* sa Bagasbas para sa kanilang *income-generating project*. Pinagkalooban naman nito ng *hot meal* ang mga batang lansangan bilang tulong at suporta sa mga programa ng *PSWDO*. Ang *CNGWMPC* ay hindi rin nakalimot na tulungan ang mga *special children* ng *SPED Center* ng *Daet Elementary School* bilang mga iskolar ng kooperatiba.

Ang *CNGWMPC* ay matamang ibinabahagi ang tagumpay sa komunidad bilang pasasalamat sa patuloy na pagtangkilik ng mga miyembro nito at sa pananatiling matatag nila sa pagharap sa mga hamon sa gawaing kooperatiba. ***MELINDA JEREZ***



***Si GM Bernal ng CNGWMPC habang nagsasagawa ng community service sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tsinelas sa mga special children ng SPED Center, Daet Elementary School.***

# Linis-Lusog...

*(Mula sa pahina 3)*

araw na buhay. Para matulungan ang mga mag-aaral, kailangang isagawa ang promosyon para sa kalinisan. Kabilang din dito ang pagtuturo sa kanila sa kahalagahan ng madalas at regular na paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at malinis na tubig; tamang pagsisipilyo ng mga ngipin; wastong paggamit ng palikuran gayundin ang pagpapamulate *(deworming)* sa kanila. Sa pamamagitan nito maaaring mabawasan ng 20-30% ang insidente ng pagliban nila sa klase, at madaragdagan ang bilang ng mga *enrollees*.

Samantala, ang mga mag-aaral naman ng *MGES* ay sandaling tinipon ni *GMAKF Executive Director* Manuel *'Nonie'* B. dela Fuente na isaisang nakipag-*high five* sa kanila, para ipaabot ang mainit na pagbati sa kanila ni *GMAKF Executive Vice President* na si Carmela *'Mel'* C. Tiangco na hindi nakadalo dahil sa kundisyong pangkalusugan. Ipinahayag nito na ang *GMA Network* at *GMAKF* ay laang magbigay ng tulong at suporta sa mga programang nagsusulong sa kapakanan at kagalingan ng mga kabataan katulad ng *LLK Project*.

Ang iba pang paaaralang elementarya sa bayan ng Vinzons na kabilang sa mga benepisaryo ng proyekto ay ang Sto. Domingo *E/S*, Guinacutan *E/S* at J. Balon *E/S*; at para naman sa bayan ng Jose Panganiban, ay ang Pag-asa *E/S*, Sta. Milagrosa *E/S* at Larap *E/S*.

Sa ilalim ng *LLK Project* ang mga kabataan ay tuturuan sa tamang paraan ng pagsisipilyo ng ngipin, paggamit ng palikuran, paghuhugas ng kamay, at iba pa. Layunin din ng proyekto na makatulong sa kampanya ng pamahalaan na mapababa ang insidente ng pagkasira ng ngipin gayundin ang mga kaso ng pagtatae *(diarrhea)* sa hanay ng mga kabataan.

Inaasahan din na sa pamamagitan nito ay maititimo sa kaisipan ng bawa't mag-aaral na ang kalinisan ay mahalaga para magkaroon ng malusog na pangangatawan. Ang malinis sa katawan ay malusog - may malakas na resistensya laban sa sakit kaya naiiwasan ang pagliban sa klase, matalas ang pag-iisip at aktibong kalahok sa mga gawaing pampaaralan.

Napapanahon din ang naturang proyekto dahil sa patuloy na paglaganap ng sakit na *influenza A (H1N1)* sa iba't-ibang panig ng mundo kasama na ang ating bansa. Ito ay dahil sa pahayag ng mga doktor at eksperto na mahalaga ang pagpapanatili ng kalinisan at regular na paghuhugas ng kamay para hindi agad mahawahan ng naturang sakit na maaaring mauwi sa pagkamatay kapag napabayaan.

Pagkatapos ng programa sa *MGES*, ang mga panauhin ay nagtungo sa Pag-asa E/S sa bayan ng Jose Panganiban at sinaksihan ang pagpapasinaya ng katatapos lamang nitong *deep well* na may *electric water pump* na siyang pagkukunan ng ligtas at malinis na tubig ng mga mag-aaral nito. Matatandaan na ang mga materyales na ginamit dito ay pinunduhan ng *UNICEF* at ang gastusin naman sa patrabaho ay sinagot ng pamahalaang panlalawigan.

Ipinaabot naman ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng kanyang kinatawan na si Bokal Jonah G. Pimentel, ang malugod nitong pasasalamat sa *DepEd*, *GMAKF* at *UNICEF* na masugid na sumusuporta sa kampanya ng pamahalaang panlalawigan na mabigyan ng mga angkop na serbisyo ang mga kabataan dito.

Bilang karagdagan, dumalo rin sa naturang okasyon sina Mayor Oliver Ferrer ng bayan ng Vinzons at Mayor William Lim ng Jose Panganiban kung saan, ang kani-kaniyang nasasakupan ay benepisaryo rin ng *LLK Project*. ***LT IBASCO***

# Rescue team ng CNorte...

(Mula sa pahina 10)

*rescue and relief (WRR), collapsed structure search and rescue (CSSR),* at *mountain rescue and relief (MRR).*

Susog dito, ang *OCD-BCARE* ay magsasagawa ng pagsasanay para mapaunlad ang kakayahan ng mga *rescue team* ng bawa't *LGUs* sa iba't-ibang lalawigan ng Rehiyon Bikol. Ang bawa't *rescue team* na itatalaga ay dapat na binubuo ng 7 katao bukod pa sa 3 panghalili o *alternates.*

Ang mga miyembro ng *rescue team* ng lalawigan na mula sa iba't-ibang tanggapan ay kinabibilangan nina: Almark Alferez, Eric de Castro at Ferdinand Ferrer ng *Philippine National Red Cross Camarines Norte (PNRC CN) Chapter;* Albert Calimlim at Ronald Malaluan ng *Provincial Health Office-Camarines Norte Provincial Hospital;* Darius Mirasol ng *General Services Office (GSO),* at Teodorico Duka ng *Provincial Budget Office (PBO).* Itinalaga naman bilang panghalili sina Vincent Giataw at Cresendo Raymund ng *Public Safety and Emergency Management Office (PSEMO),* at si Christian Lester Trinidad ng *PNRC CN Chapter.*

Kaugnay nito, isinagawa kamakailan ang pagsasanay ukol sa *Disaster Mitigation and Preparedness Capability Program* sa ilalim ng *BCARE Project* sa pakikipagtulungan ng *OCD* at *National Disaster Coordinating Council (NDCC).* Dumalo rito ang 6 na miyembro ng *rescue team* ng lalawigan na sina Calimlim, Ferrer, de Castro, Trinidad, Alferez at Giataw.

Sa pamamagitan nito, nagkaroon sila ng angkop na impormasyon at napapanahong kaalamang-teknikal ukol sa *personal protective equipment, basic pre-hospital treatment, incident command system, extrication, collapsed structure/search and rescue, basic swimming/water search and rescue,* at *rubber boat handling.* Ang mga natutuhan nila ay gagamitin nila sa pagliligtas sa mga tao sa panahon ng aksidente, kalamidad at emerhensya, gawa man ng tao ó ng kalikasan.

Iniharap din sa kanila ang mga pangunahing *personal protective equipment* ó kagamitan para sa kanilang pansariling proteksyon na angkop para sa iba't-ibang uri ng *rescue activities.* Ito ay para matulungan ang mga *rescuers* na maprotektahan ang kanilang sarili kapag nagsasagawa sila ng *pagsagip* sa panahon ng kalamidad tulad ng bagyo, baha, lindol o aksidente man. Itinuro rin sa kanila ang tamang paraan ng paghawak at paggamit ng iba't-ibang *rescue equipment* para sa *water search and rescue, collapsed structure search and rescue, extrication, global positioning system (GPS),* gayundin ang *basic pre-hospital treatment* para sa mga biktima.

Tinalakay rin sa pagsasanay ang *International Search and Rescue Advisory Group* at ang *International Search and Rescue Response Guidelines* kung saan mas naunawaan nila ang mga proseso at istratehiya na dapat gawin sa iba't-ibang uri ng *pagsagip* lalo na ang tungkol sa *marking system* na ginagamit sa buong daigdig.

Samantala, sa pamamagitan naman ng *Provincial Disaster Coordinating Council (PDCC)* ay binigyan ng *OCD-Department of National Defense (DND)* ng mga *rescue equipment* ang lalawigan ng Camarines Norte para magamit nito sa *rescue operations* sakaling magkaroon dito ng kalamidad, emerhensya ó aksidente.

Ang mga kagamitang tinanggap ng Camarines Norte ay kinabibilangan ng mga sumusunod: *7 units Steiner binocular model military; 1 set portable power tools spreader-American model FV13C with accessories; 1 set medical evacuation equipment; 1 pair Cobra handheld radio model HL 200P with accessories; 2 units Promate portable generator model Powermate PM 3000; 2 sets Pelican portable rescue light model 9460 RALS; 1 set Germins global positioning system model GPS 76CSX; 2 sets water search and rescue (WASAR) equipment; 5 sets wet suit (short pants for non-diver); 5 pairs booties for non-diver; 7 units Pelican rescue helmet with headlamp (orange); 1 set rubberboat model AN 130 with accessories; 1 unit mercury outboard motor 30HP; 7 sets personal protective equipment; 2 sets mountain rescue relief team (MRRT) package,* at *1 set first aid kit.* **LT IBASCO**

# Tayo na, dito na...

(Sundan sa pahina 10)

ay may malinis, pino at puting buhangin nito na mayaman din sa mga korales at iba't-ibang uri ng mga isda na akma para sa mga nais ng *underwater activities.*

Maliban sa mga nabanggit, ang iba pang *beaches* at *resorts* sa iba't-ibang bayan ng Camarines Norte ay ang mga sumusunod: Pulang Daga *Beach* - Paracale; Mangcamagong *Beach* - Basud; Mampurog *River* -San Lorenzo Ruiz; San Pascual Falls-Basud; *Villa Eusebia Resort*-Labo, *Tierra Soledad Resort* at *Pineapple Island Resort*-Daet; *Natures Resort*-Labo; Little *Tagaytay Resort*-Basud; *Sinagtala Resort*-Labo; *Taba-taba Resort*-Basud, at *San Jose Beach*-Talisay.

Samantala, hinihikayat din ni Gob. Typoco, Jr. ang lahat na mga lokal at dayuhang turista na magtungo sa iba't-ibang bayan ng lalawigan at makiisa sa kani-kanilang selebrasyon tulad ng mga sumusunod: Pebrero 2 – *Pabirik Festival*-Paracale; Mayo 13 – *Palong Festival*, Capalonga; Hunyo 7 - *Tambuli Festival*, Sta. Elena; Hunyo 24- *Pinyasan Festival*, Daet; Agosto 8-*Kadagatan Festival*, Mercedes; Setyembre 4-9 – *Busig-on Festival*, Labo; Setyembre 28 – *Buyoboy Festival* sa San Lorenzo Ruiz, at *Tacboan Festival* sa Vinzons, at; Oktubre 7 – *Mambulawan Festival* – Jose Panganiban.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, ang lahat na interesado ay maaaring tumawag sa telepono bilang (052) 482-0712/482-0813/482-0811 at 820-3664. Maaari ring mag-*e-mail* sa *camarinesnorte_tourism@yahoo.com* o mag-*log-on* sa *official website* na *www.fuertecamarinesnorte.gov.ph.*

Kaugnay nito, ang iba't-ibang gawain at programang panturismo ay ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sapagka't naniniwala siya na ang maraming bilang ng turista namagtutungo rito ay maghahatid ng maraming trabaho at oportunidad sa negosyo.

Idinagdag din ng gobernador na ang mga programa, gawain at inisyatibong panturismo ay isinusulong ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Tourism Office* dito na pinamumunuan ni Edgardo 'Boy' Reyes bilang *Provincial Tourism Officer-designate.* **LT IBASCO**

# LGU CNorte at Labo...

(Mula sa pahina 1)

'L-Ray' Villafuerte; Jose Panganiban – Mayor William A. Lim, PDEOY – PNP Provincial Director Efren O. Yebra, at Jollibee Daet.

Ang naturang torneyo na itinaguyod ng gobernador ay naisagawa sa pakikipagtulungan ng *BAP- Camarines Norte Chapter Referees Association (CNCRA)* at sa ilalim ng superbisyon ng *chairman* ng *technical committee* ng *2009 Governor Typoco's Invitational Basketball Tournament* na si *Provincial Sports Coordinator* Reniva katuwang ang *vice chair nito na si* Teodoro Ong. Ang *tournament committee/jury board* naman ay pinamunuan ng *chairman* nito na si Abundio G. Palencia, Jr., *MD, FPARM* na siya ring nakatalagang *provincial sports consultant* kasama ang kanyang *vice chair* na si Romy Galicia na nakatalagang *provincial commissioner ng BAP-CNCRA).* **LT IBASCO**

# 2009 Search for...

(Mula sa pahina 5)

kuha ng suporta upang mapaunlad ang edukasyon.

Ang paggawad ng parangal at premyo sa mga mananalo sa 2009 *Search For Outstanding Child-Friendly Teacher/Administrator/School (Central and Non-Central)* ay isasagawa sa Disyembre 11, 2009 kasabay ng *Education Week Celebration.*

Kaugnay nito, ang makakakuha ng unang puwesto sa kategoryang *Outstanding Child-Friendly School (Central and Non-Central)* ay tatanggap ng P18,000.00; P12,000.00 para sa ikalawang puwesto, at; P8,000.00 para sa ikatlong puwesto.

Ang mga mananalo naman sa una, ikalawa at ikatlong puwesto sa ilalim ng kategoryang *Outstanding Child-Friendly Teacher* at *Outstanding Child-Friendly Administrator (Central and Non-Central)* ay tatanggap ng premyong tig-P4,000.00; P3,000.00, at; P2,000.00, ayon sa pagkakasunod. Sila rin ay pawang tatanggap ng kaukulang sertipiko. May nakalaan ding P15,000.00 para sa mga magagawaran ng *special awards.*

Para sa mga kalahok sa *district level*, ang binuong *District Evaluation Committee* ang siyang mangangasiwa sa pagtaya sa mga dokumento/*entries* ng mga *teachers/administrators* at *schools (central and non-central).* Magsasagawa rin sila ng balidasyon at pagbisita sa mga kalahok na paaralan kung saan ang mga dokumento at resulta nito ay isusumite naman sa *Division Evaluation Committee* para sa kaukulang aksyon.

Ang *Division Evaluation Committee* naman ang magsusuri sa mga dokumento/*entries* ng mga *teachers/administrators* at *schools (central and non-central)* para sa *division level.* Pamamahalaan din nila ang balidasyon at pagbisita sa mga kalahok. Sila rin ang magrerekomenda ng tatlong (3) pinal na pangalan ng mga nanalo sa bawa't kategorya para sa pagaproba ni *Schools Division Superintendent* Elizabeth P. Palo na ang desisyon ay hindi matututulan ó mahahabol pa. **LT IBASCO**



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

# Rescue team ng CNorte dumalo sa rescue operations training

## CNPDCC binigyan ng rescue equipment ng NDD-OCD sa ilalim ng BCARE Project

Sa bisa ng Atas Tagapagpaganap Blg. 2009-04, binuo ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang *rescue team* ng pamahalaang panlalawigan kaugnay ng *Office of Civil Defense -Bicol Calamity Assistance Rehabilitation Effort (OCD -BCARE) Program* ukol sa *Disaster Mitigation and Preparedness Capability for Local Government Units* (LGUs).

Layunin ng nasabing programa na mapaunlad ang kakayahan ng mga pamahalaang lokal pagdating sa *disaster mitigation* at *preparedness capability* partikular na ang ukol sa *water*

(Sundan sa paina 9)

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Halina, dito na tayo sa Camarines Norte




***Inaanyayahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang mga lokal at banyagang turista na magtungo rito sa Camarines Norte at bisitahin ang mga potensyal na lugar-panturismo rito sa layuning maisulong ang industriya ng turismo ng Camarines Norte na isa sa mga priority programs ng kanyang administrasyon upang makilalala ang lalawigan. Pangunahin nitong ipinakikilala ang Mercedes Group of Islands tulad ng mga sumusunod: Canton Island kung saan matatagpuan ang Canton Cave (pinakalarawan), Quinapaguian Island, Apuao Pequeña, Apuao Grande, Canimog Island na may pinakamatandang parola sa Bicol at matatanaw sa Bagasbas Beach, Malasugui Island, at ang Caringo Island. Kabilang dito ang magagandang beaches tulad ng Cayucyucan, Matoog-toog Beaches at Caringo Island Resort. (Photo courtesy of Mariano "Nano" Balane)***

"Tayo na, dito na tayo sa Camarines Norte!". Ito ang panawagan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa lahat na mga lokal at banyagang turista sa kanyang kampanya para maisulong ang industriya ng turismo rito sa lalawigan ng Camarines Norte. Ayon pa sa gobernador, mayaman ang kultura at sining ng lalawigan bukod pa sa naggagandahang likas-yaman nito partikular na ang mga karagatan at mga isla rito.

Pangunahing dinarayo rito ng mga *surfing enthusiasts* ang *Bagasbas Beach* ng Brgy. Bagasbas, Daet na paboritong puntahan dahil sa naglalakihan at nagtataasang alon nito na tamang-tama para sa *surfing*. Kabilang din dito ang *Calaguas Group of Islands* ng Brgy. Calaguas, Vinzons na ang puting-puti at pinong buhangin ay maihahalintulad sa Boracay *Island* sa Lalawigan ng Aklan. Ang *Apuao Grande Island* din sa bayan ng Mercedes

(Sundan sa pahina 9)